# Manggagawa

Bawat palo ng martilyo sa bakal mong pinapanday
alipatong nagtilamsik, alitaptap sa kadimlan;
mga apoy ng pawis mong sa Bakal ay kumikinang
tandang ikaw ang may gawa nitong buong Santinakpan.

Nang tipakin mo ang bato ay natayo ang katedral
nang pukpukin mo ang tanso ay umugong ang batingaw,
nang lutuin mo ang pilak ang salapi a lumitaw,
si Puhunan ay gawa mo, kaya ngayon'y nagyayabang.

Kung may ilaw na kumisap ay ilaw ng iyong tadyang,
kung may gusaling naangat, tandang ikaw ang pumasan
mula sa duyan ng bata ay kamau mo ang gumalaw
hanggang hukay ay gawa mo ang krus na nakalagay.

Kaya ikaw ay marapat dakilain at itanghal
pagkat ikaw ang yumari nitong buong Kabihasnan.....
Bawat patak ng pawis mo'y yumayari ka ng dangal,
dinadala mo ang lahi sa luklukan ng tagumpay.

Mabuhay ka nng buhay na walang wakas, walang hanggan,
at hihinto ang pag-ikot nitong mundo pag namatay.

# Puso, Ano Ka?

Ang puso ng tao ay isang batingaw,
sa palo ng hirap, umaalingawngaw
hihip lang ng hapis pinakadaramdam,
ngumt pag lagi nang nasanay, kung minsan,
nakapagsasaya kahit isang bangkay.

Ang puso ng tao'y parang isang relos,
atrasadong oras itong tinutumbok,
oratoryo'y hirap, minutero'y lungkot,
at luha ang tiktak na sasagot-sagot,
ngunit kung ang puso'y sanay sa himutok
kahit libinga'y may oras ng lugod.

Ang puso ay ost'ya ng tao sa dibdib
sa labi ng sala'y may alak ng tamis,
kapag sanay ka nang lagi sa hinagpis
nalalagok mo rin kahit anung pait,
at parang martilyo iyang bawat pintig
sa tapat ng ating dibdib na may sakit.

Kung ano ang puso? Ba, sanlibrang laman
na dahil sa ugat ay gagalaw-galaw,
dahil sa pag-ibig ay parang batingaw,
dahil sa panata ay parang orasan,
at mukhang ost'ya rin ng kalulwang banal
sa loob ng dibdib ay doon nalagay.

# *Isang Punongkahoy*

Kung tatanawin mo sa malayong pook,
ako'y tila isang nakadipang kurus;
sa napakatagal na pagkakaluhod,
parang ang paa ng Diyos.

Organo sa loob ng isang simbahan
ay nananalangin sa kapighatian,
habang ang kandila ng sariling buhay
magdamag na tanod sa aking libingan.

Sa aking paanan ay may isang batis,
maghapo't magdamag na nagtutumangis;
sa mga sanga ko ay nangakasabit
ang pugad ng mga ibon ng pag-ibig.

Sa kinislap-kislap ng batis na iyan,
asa mo ri'y agos ng luhang nunukal;
at saka ang buwang tila nagdarasal,
ako'y binabati ng ngiting malamlam.

Ang mga kampana sa tuwing orasyon,
nagpapahiwatig sa akin ng taghoy,
ibon sa sanga ko'y may tabing nang dahon,
batis sa paa ko'y may luha nang daloy.

Ngunit tingnan ninyo ang aking narating,
natuyo, namatay sa sariling aliw.
Naging kurus ako ng pagsuyong laing
at bantay sa hukay sa gitna ng dilim.

Wala na, ang gabi ay lambong na luksa,
panakip sa aking namumutlang mukha!
Kahoy na nabuwal sa pagkakahiga
ni ibon, ni tao'y hindi na matuwa.

At iyong isiping nang nagdaang araw,
isang kahoy akong malago't malabay.
Ngayon, ang sanga ko'y kurus sa libingan,
dahon ko'y ginawang korona sa hukay!

*This Tagalog poem was published in Liwayway magazine in 1932.*

# Sa Pamilihan ng Puso

Huwag kang iibig nang dahil sa pilak
pilak ay may pakpak
dagling lumilipad
pag iniwan ka na, ikaw'y maghihirap.

Huwag kang iibig nang dahil sa ganda
ganda'y nagbabawa
kapag tumanda na
ang lahat sa mundo'y sadyang nag-iiba.

Huwag kang iibig sa dangal ng irog
kung ano ang tayog
siya ring kalabog
walang taong hindi sa hukay nahulog.

Huwag kang iibig dahilan sa nasang
maging masagana
sa aliw at tuwa
pagkat ang pag-ibig ay di nadadaya...

Kung ikaw'y iibig ay yaong gusto mo
at mahal sa iyo
kahit siya'y ano,
pusong-puso lainang ang gawin mong dulo.

Kung ikàw'y masawi'y sawi kang talaga
ikaw na suminta
ang siyang magbata;
kung maging mapalad, higit ka sa iba.

Sa itong pag-ibig ay lako ng puso
di upang magtubo
kaya sumusuyo
pag-ibig ay hukay ng pagkasiphayo.

*This Tagalog poem was published in Taliba on January 30, 1929.*

# *Sa Bilangguan ng Pag-ibig,*
# *Walang Sala'y Napipiit!*

*Lumuluhang isinasayapak ng dalagang walang awa: kay A.*

Isang tao ang mag-isang lumuluhang walang tigil
sa silong ng sakdal dilim na piitan ng Paggiliw;
Sa labi ay tumatakas ang mga ay! ng damdamin
at sa anyo'y tila mayr'ong nilalagok na hilahil.
Para niyang nakikitang siya'y ayaw nang lapitan
ng dalagang lumalayo sa tawag ng kanyang buhay.
Palibhasa, siya yata'y hinding-hindi nababagay
na umibig sa dalagang mayr'ong matang mapupungay.

Nagdaan ang mga araw. Ang bilanggo'y nagtitiis
sa pagtawag sa pangalan ng diwatang naglulupit
samantalang ang diwata'y patuloy sa di-pag-imik.
Ngunit sino kaya yaong naglulupit na diwata?
Walang salang iya'y ikaw, dalaga kong walang-awa
at ako ang bilanggo mong hanggang ngayo'y lumuluha.

# Kamay ng Berhen

Mapuputing kamay, malasutla't lambot,
kung hinahawi mo itong aking buhok,
ang lahat ng aking dalita sa loob
ay nalilimot ko nang lubos na lubos.

At parang bulaklak na nangakabuka
ang iyong daliring talulot ng ganda,
kung nasasalat ko, O butihing sinta,
parang ang bulakiak kahalikan ko na.

Kamay na mabait, may bulak sa lambot,
may puyo sa gitna paglikom sa loob;
magagandang kamay na parang may gamot,
isang daang sugat nabura sa haplos.

Parang mga ibong maputi't mabait
na nakakatulog sa tapat ng dibdib;
ito'y bumubuka sa isa kong halik
at sa aking pisngi ay napakatamis.

Ang sabi sa k'wento, ang kamay ng birhen
ay napababait ang kahit salarin;
ako ay masama, nang ikaw'y giliwin,
ay nagpakabait nang iyong haplusin.

# May mga Tugtuging Hindi Ko Malilimot

O may mga tugtog na nagsasalita,
malungkot na boses ng nagdaralita;
pasa-bahay ka na ay nagugunita't
parang naririnig saanman magsadya.

Langitngit ng isang kaluluwang sawi,
panaghoy ng pusong nasa pagkalungi;
laging naririnig sa bawat sandali
ang lungkot ng tugtog na mapawi'y hindi.

Ikaw baga'y daing ng nakaligtaan?
Ikaw baga'y hibik ng pinagtaksilan?
Matutulog ako sa gabing kadimlan
ay umuukilkil hanggang panagimpan.

Oo, mayr'ong tugtog iyang mga b'yoling
tila sumusugat sa ating panimdim;
bawat isang tao'y may lihim na daing,
pinakakatawan sa b'yoling may lagim.

Sa lahat ng gabi sa aking pag-uwi,
kung ako'y hapo na na makitunggali,
ang bawat tugtugi'y kaluiwa ng sawi
ako'y dinadalaw sa bawat sandali.

May isang tugtuging hindi ko malimot,
kinakanta-kanta sa sariling loob.;
hiniram sa hangin ang lambing at lamyos,
awit ng ligayang natapos sa lungkot.

# Ang Tren

Tila ahas na nagmula
sa himpilang kanyang lungga,
ang galamay at palikpik, pawang bakal, tanso, tingga,
ang kaliskis, lapitan mo't mga bukas na bintana.

Ang rail na lalakara'y
nakabalatay sa daan,
umaaso ang bunganga at maingay na maingay,
sa Tutuban magmumula't patutungo sa Dagupan.

O, kung gabi't masalubong
ang mata ay nag-aapoy,
ang silbato sa malayo'y dinig mo pang sumisipol
at hila-hila ang kanyang kabit-kabit namang bagon.

Walang pagod ang makina,
may baras na nasa r'weda,
sumisingaw, sumisibad, humuhuni ang pitada,
tumetelenteng ang kanyang kainpanada sa tuwina.

"Kailan ka magbabalik?"
"Hanggang sa hapon ng Martes."
At tinangay na ng tren ang naglakbay na pag-ibig,
sa bentanilya'y may panyo't may naiwang nananangis.

# Ang Posporo ng Diyos

Sa dilim ng gabi'y may gintong nalaglag,
may apoy, may ilaw, galing sa itaas;
at dito sa lupa noong pumalapag,
nahulog sa bibig ng isang bulaklak.

Ang sabi ng iba'y kalulwa ng patay,
luha ng bituin, anang iba naman.
Lalo na't sa gabi ay iyong matanaw
tila nga bituing sa langit natanggal.

Bituin sa langit at rosas sa hardin,
parang nagtipanan at naghalikan din;
nang di na mangyaring sa umaga gawin,
ginanap sa gabi'y lalo pang napansin.

Katiting na ilaw ng lihim na liyag,
sinupo sa lupa't tanglaw sa magdamag;
ito'y bulalakaw ang dating pamagat,
posporo ng Diyos sa nangaglalakad.

Kung para sa aking taong nakaluhod
at napaligaw na sa malayong pook,
noong kausapin ang dakilang Diyos
ay sa bulalakaw lamang nagkalugod.

Sampalitong munti ng posporong mahal
kiniskis ng Diyos upang ipananglaw;
nang ito'y mahulog sa gitna ng daan,
nakita ang landas ng pusong naligaw!

Ito'y bulalakaw, ang apoy ng lugod,
na nagkanlalaglag sa lupang malungkot.
May nakikisindi't naligaw sa pook:
Aba, tinanglawan ng posporo ng D'yos.

# Bayan Ko

Ang bayan kong Pilipinas
Lupain ng ginto't bulaklak
Pag-ibig na sa kanyang palad
Nag-alay ng ganda't dilag.

At sa kanyang yumi at ganda
Dayuhan ay nahalina
Bayan ko, binihag ka
Nasadlak sa dusa.

Ibon mang may layang lumipad
kulungin mo at umiiyak
Bayan pa kayang sakdal dilag
Ang di magnasang makaalpas!

Pilipinas kong minumutya
Pugad ng luha ko't dalita
Aking adhika,
Makita kang sakdal laya.

# Kahit saan

Kung sa mga daang nilalakaran mo,
may puting bulaklak ang nagyukong damo
na nang dumaan ka ay biglang tumungo
tila nahihiyang tumunghay sa iyo. . .
Irog, iya'y ako!

Kung may isang ibong tuwing takipsilim,
nilalapitan ka at titingin-tingin,
kung sa iyong silid masok na magiliw
at ika'y awitan sa gabing malalim. . .
Ako iyan, Giliw!

Kung tumingala ka sa gabing payapa
at sa langit nama'y may ulilang tala
na sinasabugan ikaw sa bintana
ng kanyang malungkot na sinag ng luha
Iya'y ako, Mutya!

Kung ikaw'y magising sa dapit-umaga,
isang paruparo ang iyong nakita
na sa masetas mong didiligin sana
ang pakpak ay wasak at nanlalamig na. . .
Iya'y ako, Sinta!

Kung nagdarasal ka't sa matang luhaan
ng Kristo'y may isang luhang nakasungaw,
kundi mo mapahid sa panghihinayang
at nalulungkot ka sa kapighatian. . .
Yao'y ako, Hirang!

Ngunit kung ibig mong makita pa ako,
akong totohanang nagmahal sa iyo;
hindi kalayuan, ikaw ay tumungo
sa lumang libinga't doon, asahan mong. . .
magkikita tayo!

# Ang Magandang Parol

Isang papel itong ginawa ng lolo
may pula, may asul, may buntot sa dulo;
sa tuwing darating ang masayang Pasko
ang parol na ito'y makikita ninyo.

Sa aming bintana doon nakasabit
kung hipan ng hangi'y tatagi-tagilid,
at parang tao ring bago na ang bihis
at sinasalubong ang Paskong malamig.

Kung kami'y tutungo doon sa simbahan
ang parol ang aming siyang tagatanglaw,
at kung gabi namang malabo ang buwan
sa tapat ng parol doon ang laruan.

Kung aking hudyatin tanang kalaguyo,
mga kapwa bata ng pahat kong kuro,
ang aming hudyatan ay mapaghuhulo:
"Sa tapat ng lolo tayo maglalaro."

Kaya nang mamatay ang lolo kong yaon,
sa bawat paghihip ng amihang simoy,
iyang nakasabit na naiwang parol
nariyan ang diwa noong aming ingkong.

Nasa kanyang kulay ang magandang nasa,
nasa kanyang ilaw ang dakilang diwa,
parang sinasabi ng isang matanda:
"Kung wala man ako'y tanglawan ang bata."

This poem was published 81 years ago in *Taliba*. December 20, 1928.

# *Itanong Mo Sa Bituin*

Isang gabi'y manungaw ka. Sa bunton ng panganorin
ay tanawin ang ulila't naglalamay na bituin;
Sa bitui'y itanong mo ang ngalan ng aking giliw
at kung siya'y magtatapat, ngalan mo ang sasabihin.

Ang bitui'y kapatid mo. Kung siya ma'y nasa langit,
ikaw'y ditong nasa lupa't bituin ka ng pag-ibig;
dahil diya'y itanong mo sa bituin mong kapatid
kundi ikaw ang dalagang minamahal ko nang labis.

Itanong mo sa bitui't bituin ang nakakita
nang ako ay umagahin sa piling ng mga dusa;
minagdamag ang palad ko sa pagtawag ng Amada,
ngunit ikaw na tinawag, lumayo na't nagtago pa.

# Agaw - Diim

*Namatay ang araw*
*sa dakong kanluran,*
*nang kinabukasa'y*
*pamuling sumilang,*
*ngunit ikaw, irog, bakit nang pumanaw*
*ay bukod-tangi kang di ko na namasdan?*

*Naluoy sa hardin*
*ang liryo at hasmin,*
*Mayo nang dumating*
*pamuling nagsupling,*
*ngunit ikaw, sinta, bakit kaya giliw*
*dalawang Mayo nang nagtago sa akin?*

*Lumipad ang ibon*
*sa pugad sa kahoy,*
*dumating ang hapon*
*at muling naroon,*
*ngunit ikaw, buhay, ano't hangga ngayo'y*
*di pa nagbabalik at di ko matunton?*